# Kataga ng Buhay

**Disyembre 2020**

**“Ang Panginoon ang ilaw ko’t kaligtasan; sino ang aking katatakutan? Ang Panginoon ang tanggulan ng aking buhay, sino ang aking kasisindakan?”**

(Mga Awit 27:1)

“Nang isilang si Mariana, ipinaliwanag sa amin ng doktor na siya ay may matinding kapansanan sa utak dahilan upang hindi na siya kailanman makakapaglakad o makakapagsalita. Naramdaman namin na hinihingi ng Diyos na mahalin namin siya anuman ang kalagayan niya at lubusang ipagkatiwala ang aming mga sarili sa Kanya.” Karanasan ito ni Alba, isang ina na taga-Brazil. Dagdag pa niya: “Nabuhay si Mariana ng apat na taon lamang ngunit ang kanyang buhay ay isang mensahe ng pagmamahal sa lahat ng nakakilala sa kanya. Hindi namin narinig ang salitang “Nanay” o “Tatay” mula sa kanya subalit sa kanyang katahimikan, ang liwanag sa kanyang mga mata ang nangusap ng lahat ng kanyang nais sabihin. Hindi namin siya naturuang gumawa ng mga unang hakbang subalit tinuruan niya kami kung paano maunang magmahal at kalimutan ang sarili upang makapagmahal. Isa siyang regalo ng pagmamahal mula sa Diyos para sa buong pamilya. Ang kabuuan ng kanyang pagkatao ay maisasaad sa isang pangungusap: ang pagmamahal ay hindi naipapaliwanag ng mga salita.”

Ganito rin ang nangyayari ngayon sa bawat isa sa atin. Dahil hindi natin makayanang ayusin ng ganap ang ating buhay, kailangan natin ng liwanag– kahit kaunting ningas–upang mabanaag ang tatahaking landas at ang mga hakbang na dapat nating gawin ngayon, tungo sa kaligtasan ng isang bagong pamumuhay.

**“Ang Panginoon ang ilaw ko’t kaligtasan; sino ang aking katatakutan? Ang Panginoon ang tanggulan ng aking buhay, sino ang aking kasisindakan?”**

Ang sinaunang panalanging ito, na matatagpuan sa aklat ng mga Awit, ay nagsasabi na sa bawat sulok ng mundo at sa bawat panahon ng kasaysayan ng sangkatauhan, nararanasan ng mga tao ang kadilimang hatid ng pagdurusa, pagkatakot, pag-aaalinlangan at kalungkutan. Kung minsan, tila isang “kaaway” ang mga pangyayari na nagpaplanong buwagin ang mga pangarap natin para sa kinabukasan.

Marahil ang may-akda nito ay naparatangan ng walang katotohanan at tinalikdan ng lahat habang naghihintay ng hatol. Para sa kanya walang katiyakan ang kinabukasan kaya’t umaasa na lamang siya sa Diyos. Batid niya na kailanma’y hindi pinabayaan ng Diyos ang Kanyang bayan sa panahon ng pagsubok at pagkakalugmok, sa halip, hatid Niya ay

kalayaan. Kung kaya't nakakatiyak silang makatagpo ng liwanag sa Diyos at makamit ang tiyak at di-matitinag na paglingap Niya.

Sapagkat batid ng may-akda ang kanilang kahinaan, bukas sila sa Diyos, nagtitiwala sa Kanya at tinatanggap ang Kanyang presensya sa kanilang buhay. Buong pagtitiwala nilang hinihintay ang huling pagwawagi sa mga di-mabanaag na landasin ng Kanyang pagmamahal.

**"Ang Panginoon ang ilaw ko't kaligtasan; sino ang aking katatakutan?
Ang Panginoon ang tanggulan ng aking buhay, sino ang aking kasisindakan?"**

Ngayon ang tamang panahon upang muling pagningasin ang ating tiwala sa pagmamahal ng Ama na ninanais lamang ang kaligayahan ng Kanyang mga anak. Handa Siyang akuin ang ating mga alalahanin[i] upang hindi natin sarhan ang sarili, bagkus ay maging malaya sa pagbabahagi ng ating liwanag at pag-asa sa iba.

Ito ang sinulat ni Chiara Lubich, ang nagtatag ng Focolare Movement: "Ang Kataga ng Buhay ang gumagabay sa atin sa daan mula sa kadiliman patungo sa liwanag, mula sa 'ako' patungo sa pagiging 'tayo.' Isa itong paanyaya na panibaguhin ang ating pananampalataya. Ang Diyos ay buhay at mahal Niya ako. May kakatagpuin ba akong tao? Kailangan kong maniwala na may nais ipabatid ang Diyos sa akin sa pamamagitan niya. Ako ba'y nasa trabaho? Dito rin, patuloy akong magtitiwala sa Kanyang pagmamahal. May nagpapahirap ba sa akin? Naniniwala akong mahal ako ng Diyos. May nagpapasaya sa akin: Mahal ako ng Diyos. Narito Siya, kasama ko, palagi ko Siyang kasama, batid Niya ang lahat tungkol sa akin, nakikibahagi sa aking iniisip, sa bawat saya, sa bawat ninanais; karamay ko Siya sa mga alalahanin at pagsubok na hinaharap ko sa buhay. Paano ko paninibaguhin ang aking pananampalataya? Sa pamamagitan ng paghanap ng Kanyang presensya sa piling natin. Ipinangako Niyang naroon Siya kung saan may dalawa o higit pang nagkakaisa sa ngalan Niya.S[ii]a ating pagmamahalan, makatatagpo tayo ng iba pang mga taong nagsasabuhay ng Kataga ng Buhay at ng diwa ng Mabuting Balita. Magbahaginan tayo ng mga karanasan at malalasap natin ang mga bunga ng Kanyang presensya– ang kasiyahan, kapayapaan, liwanag at lakas ng loob. Mananatili Siya sa bawat isa sa atin at mararamdaman natin Siya na kumikilos sa ating pang araw-araw na buhay[iii]."

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

Distributed in Japan by Focolare:
www.focolare.org/en • www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com
Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 • Nagasaki: 095-849-3812

[i] Cf.1Pt.5:7
[ii] Cf. Mt.18:20
[iii] Chiara Lubich, Word of Life, July 2006